

Semantik Analisis ng mga Konseptwal na Metapora sa Wikang Cebuano

DAISY P. RUIZ, MA

Jose Rizal Memorial State University-Dipolog Campus, Dipolog City
daisyang1027@gmail.com

Abstrak — Pangunahing layunin ng pag-aaral na mailarawan ang mga konseptwal na metapora ng wikang Cebuano sa Jimenez, Misamis Occidental.

Ginamit ang deskriptibong pamamaraan sa pag-aanalisa ng wika partikular na sa konseptwal na metapora sa wikang Cebuano ng Jimeneznon. Ang mga datos na nakalap ay inaayos ayon sa pangalan ng tao, mga hayop, mga pahayag, tambalang-salita, gulay at prutas na kakikitaan ng konseptwal na metapora at pagkatapos ay sinuri sa pamamagitan ng pagbibigay ng literal na kahulugan at kung paano ito ginamit ng mga Jimeneznon bilang metapora. Ipinanganak at parehong naninirahan sa Sta. Cruz, Jimenez Misamis Occidental ang mga informant na sinangguni sa pag-aaral na ito sa pamamagitan ng paggamit ng eliciting materyal.

Sa pangalan ng tao ang mga salitang kakikitaan ng konseptwal na metapora ay ‘Salbador del Mundo’, ‘Hudas’, ‘Marisol’, ‘Marites’, at ‘Pilato’. Sa hayop ay ang ‘baki’, ‘buaya’, ‘bao’, ‘iring ug iro’, at ‘kanding’. Sa mga pahayag naman ay ang ‘gaan ug gamot’, ‘kwarta sa hangin’, balhibuon ug kamot’, ‘humok ug ilong’, at ‘mat-an pas pinya’. Ang nakalap naman na mga tambalang-salita ay ang ‘kuyog-baboy’, ‘utok-bolinaw’, ‘dawat-limpyo’, ‘doblekara’, at ‘kakha-tuka’. Samantalang ang sa prutas at gulay ay ang ‘kanaka’, ‘talong’, ‘kapayas’, ‘kalabasa’, at ‘kamote’.

Napatunayan na ang paggamit ng mga metapora sa isang wika ay mahalaga sa paglalarawan ng isang bagay o tao. Ito rin ay may hatid na isang konsepto na kaiba sa literal nitong kahulugan. Sa mga Jimeneznon, sa pamamagitan ng paggamit ng pangalan ng tao, mga hayop, mga pahayag, tambalang salita at gulay at prutas ay nakababuo ang tao ng mga konsepto batay sa pagpapakahulugan niya sa kanyang nakikita o naoobserbahan at mga nararanasan. Malaking salik rin ang impluwensiya ng kapaligiran na kinabibilangan ng isang tao sa paggamit at pagpapakahulugan ng mga nasabing metapora.

Malaking tulong ang pag-analisa ng mga kontekstwal na metapora ng mga Cebuano sapagkat mas nabibigyang-linaw ang paggamit at pagpapakahulugan nito. Maiiwasan ang pagbibigay ng maling pagpapakahulugan sa mga nasabing metapora dahil mayroon nang magiging basehan.

Susing-salita — Semantik, Konseptwal, Metapora

I. Introduksyon

Isa ang Cebuano sa mga pangunahing wika sa Pilipinas. Sinasalita ito ng grupong Cebuano sa Cebu at ng iba pang pangkating etniko sa Visayas at Mindanao. Kilala rin ang wikang ito sa tawag na Sugbuhanon, Sugbuanon, Visaya, Bisaya, at Binisaya. Ang salitang “Cebuano” ay nagmula sa salitang Cebu, na galing sa orihinal na salitang Espanyol na pangalang “Sugbo” na nagmula naman sa pandiwang “sugbo,” na ang ibig sabihin ay “paglakad sa tubig.” Ang terminong

ito ay sinusundan ng "-hanon" upang sumangguni sa wika, kultura, at naninirahan sa Cebu; kaya "Sugbuhanon" o "Sugbuanon." Sa panahon ngayon, ang Cebuano ay tinatawag ding "Bisaya," bagamat ito ay isang generic na termino na nag-aaplay hindi lamang sa Cebuano ngunit sa ibang mga grupong etniko sa Visayas at Mindanao. Ang etimolohiya ng "Bisaya" ay hindi sigurado sapagkat ito ay marahil na nauugnay sa salitang nangangahulugang "mga alipin.

Ito ay pangalawa sa pinakamalaking etnolinggwistiko sa Pilipinas sunod sa Tagalog kahit na hindi pormal na itinuturo sa mga paaralan, pamantasan at institusyon. Humigit-kumulang 25 milyong tao ang gumagamit ng wikang ito. Sinasalita ng mga grupong Cebuano sa Cebu at ng iba pang pangkat-etniko sa Visayas at Mindanao. Maituturing na Lingua Franca sa Katimugang Piliipinas.

Mahalagang matuklasan at matutunan rin natin ang Wikang Cebuano upang maiwasan ang hindi pagkakaunawaan sa nais ipabatid nang mga salitang ginagamitan ng wika nito. Ang wikang Cebuano, tulad ng ibang wika ay mayaman din sa pagkakaroon at paggamit ng mga metapora sa pagpapahayag ng mga bagay-bagay sa masining na paraan.

Tinatawag na semantics o semantika ang pag-aaral hinggil sa linggwistikong kahulugan ng mga morpema, salita, parirala at pangungusap. Ayon kay Gina (2012), ito ay ang pag-aaral ng kahulugan. Sa ganitong pagkakataon, tumutukoy ang salitang kahulugan sa kaugnayan sa pagitan ng mga tagapagpabatid o tagapagkahulugan (mga signifier sa Ingles) at kung ano ang ibig sabihin ng mga ito. Samakatuwid, ang semantika ay ang pag-aaral hinggil sa kahulugan o ibig sabihin ng salita, kataga, o wika. Pokus din nito ang pag-aaral ng iba't ibang proseso ng pag-iisip o proseso ng pagkakamit at pagbubuo ng mga kaalaman.

Ayon naman kay Gonzales (1992), ang semantika ay proseso ng pag-iisip, kognisyon at konseptwalisasyon. Idinagdag pa niya, ang semantika ay itinuturing na sentrong daluyan ng iba't ibang larangan ng isipan at disiplina ng pag-aaral, tulad ng linggwistika, pilosopiya at sikolohiya. Sina Ogden at Richard (1923), ay nagbigay ng depinisyon ng kahulugan bilang isang salitang kasama ng isang salita sa diksyunayo; ang konotasyon ng isang salita; ang tinutukoy ng gumagamit ng simbolo; at ang pinaniniwalaan ng gumagamit na siyang tinutukoy. Malinaw sa mga depinisyong ito ang kahalagahan ng kahulugan ng anumang wikang ipinahahayag. Magiging makabuluhan lamang ang sinasabi ng isang tao kapag ito ay nabibigyan ng kahulugan o naiintindihan ng tagatanggap lalo na sa pasalitang pahayag upang maging aktibo at mabisa ang komunikasyon.

Para naman kay Lyons (1980), ang kahulugan ay tumutukoy sa mga ideya o konsepto na pwedeng ilipat mula sa isipan ng nagsasalita tungo sa isipan ng tagapakinig sa pamamagitan ng paglalarawan ng mga ito sa wika. Tinatawag namang konsepto o mental image ang mga paglalarawang ito sa isipan ng tao. Patunay lamang na higit na makabuluhan ang wika kapag makahulugan itong ginamit lalo na sa komunikasyon.

Ngunit hindi lahat ng konseptong nais ihatid ng ispiker ay nauunawaan o mauunawaan ng mga tagapakinig lalo pa kung ito ay abstrak. Halimbawa, sa pariralang “pangulo ng Pilipinas”. Maliwanag ang konseptong inihahayag dito na maaring tumutukoy ito kay Pangulong Duterte o dili kaya nama’y sa konseptong hinalal ng mga mamamayang Pilipino para maging pangulo ng bansa. Ngunit ang konseptong inihahayag ng salitang “seksi” ay maipagpapalagay na hindi singkongkreto ng naunang halimbawa dahil kung iisipin, maaaring subjektib o relatibo ang kahulugan ng salitang ito sapagkat maaaring iba-iba ang batayan ng pagiging “seksi” ng isang tao.

Kaugnay nito, nagkakaroon ng mekanismo ang wika upang makapagbigay ng konkretisasyon ng pagpapakahulugan sa mga abstraktong ideya o konsepto. Isa na rito ay ang paggamit ng konseptwal na metapora na tumutukoy sa mga konseptong inihahayag sa pamamagitan ng iba pang konsepto na mas mauunawaan ng mga tagapakinig. Ang salitang metapora ay mula sa meta na nangangahulugang “pagbabago” at phora na nangangahulugan namang “mosyon” na tumutukoy sa “semantic motion” ayon kay Wheelwright, (1964) na binigyang-kahulugan naman nina Wingfield at Titone, (1998) bilang “formally defined statement” na maituturing na hindi totoo sa literal na aspeto ngunit nagpapahiwatig ng isang maliwanag na kahulugan at maituturing na isa sa pinakakaraniwan at may mahalagang kontribusyon hindi lamang sa larangan ng literatura kundi maging sa larangan ng linggwistiks.

Sa pagnanais na makapagbigay ng mahalagang kontribusyon sa larangan ng literatura at linggwistiks, tatangkain ng mananaliksik na makapangalap ng mga konseptwal na metapora sa wikang Cebuano at masuri ang mga ito nang sa gayon ay makabigay ng karagdagang kaalaman tungkol dito.

Rebyu ng mga Kaugnay na Literatura

Isa sa mahalagang bahagi na pinag-aaralan sa istruktura ng isang wika ay ang pag-aaral ng semantiks. Ang semantiks ay itinuturing na sentro ng komunikasyon na nakapokus sa pag-aaral sa mga kahulugan o ang pahayag ng kahulugan (Santiago, 1993). Ang mga kahulugang ito ay tumutukoy sa mga ideya o konsepto na pwedeng ilipat mula sa isipan ng nagsasalita tungo sa isipan ng tagapakinig sa pamamagitan ng paglalarawan ng mga ito sa wika.

Sa teoryang semantiks, nakatuon ang pag-aaral sa kahulugan sapagkat sentro ito ng komunikasyon. At, dahil ang komunikasyon ay nagiging krusyal na paktor ng sosyal na organisasyon, kailangan ang higit na pag-unawa, pag-ukulan ng pansin at pag-aralan ang semantiks. Sapagkat ang semantiks ay sentro ng pag-aaral ng isip ng tao, ang mga proseso ng pag-iisip, kognisyon, konseptwalisasyon-lahat ng ito’y magkakaugnay sa pag-uuri’t pagpapahayag ng ating karanasan sa daigdig sa pamamagitan ng wika.

Ayon kay Matthews na hiwalay ang semantiks sa grammar dahil ang grammar ay pag-aaral sa formal na patern ng wika. Ayon kay Harris, sakop ng ilang disiplinaang pag-aaral ng kahulugan dahil ang descriptive-linggwistiks ay hindi tumutukoy sa kabuuang sakop ng pagsasalita. Samantalang sina J. Katz at J. Fodor ang gumawa ng pag-aaral para maiangkla ang semantic

component framework ng generative-grammar sa kanilang libro na *The Structure of Semantic Theory*. Ayon sa kanila, ang semantic theory ay nagpapaliwanag ng kakayahan ng ispiker na magprodyus at makaunawa ng infinite-set ng mga pangungusap ng isang wika. Ayon naman kay Simpson, ang interpretative na kakayahan ng isang ispiker ang inilalarawan at ipinapaliwanag ng teoryang Semantiks. Mahalaga ang teoryang ito sa pagsusuri ng papel na ito sapagkat ang mismong sinuri ng mananaliksik ay ang pagbibigay ng kahulugan sa mga CM sa wikang Filipino.

Pinaniniwalaan naman ng teoryang Cognitive Linguistic na ang pagkakaroon ng CM ay produkto ng cognitive activity (Muller, 2008). Nangangahulugan lamang na ang mental na proseso ay nangangailangan ng panimulang wika at pag-iisip. Ang mga tagasunod ni Lakoff ay tinitingnan ang paggamit ng metapora bilang pangunahing penomenong pagkaisipan. Ito ay sinuportahan ni Santa Ana (2002) at nagwikang ang metapora ay nagbibigay ng balangkas sa isip sa pagtingin sa mundo.

Ang mga Kognitibong Lingguwistiko ay naniniwalang ang metapora ay tanda ng sistemang intelektuwal-kultural at nagpapakita kung paano nakikipag-unayan ang mga tao sa mundo. Kung gagamitin ang metapora, nagiging daan ito upang maipahayag ang nasa isipang sistema. Ang pananaw ng mga ito ay ang metapora ay isang grupo ng mapping sa pagitan ng mas konkretong Pinagmulang Domeyn (PD) at mas abstraktong Target na Domeyn (TD). Pinalitaw ni Kövecses (2002) na ang PD ay karaniwang mas konkreto o pisikal at mas malinaw na konsepto kaysa sa TD.

Aniya pa, ang CM ay may isang direksyon lamang: na mula sa konkreto patungo sa abstraktong bahagi. Wika nga nina Steuter & Wills (2008), ang metapora ay pinamamahalaan ng isang konsepto sa isa pang konsepto; maaring ito ay may batayang karanasan. Sinuportahan din ito ng unang tagapagtaguyod ng CM na si Lakoff (1993) na nagpahayag na ang mapping ay hindi arbitraryo, bagkus ito ay binubuo ng pisikal at araw-araw na karanasan at kaalaman. Nagpahayag din ng kanyang opinyon si Wormeli (2009) na ang metapora ay karaniwang pinoproseso sa pamamagitan ng kaisipan; nauunawaan natin ang isang paksa dahil kognitibo natin itong nakikita.

Ang CM ay mayroong mahalagang ginagampanan sa pagproseso ng pag-iisip ng tao na hindi namamalayan. Ayon nga kina Lakoff at Johnson (1980), dahil ang komunikasyon ay base sa parehas na mental na sistemang ginagamit sa pag-iisip at pag-aakto, ang wika ay maaaring mahalagang batayan sa pag-alam kung paano nagaganap ang sistema. Maiuugnay ng mananaliksik ang teoryang ito sapagkat ang pagbibigay interpretasyon sa pagbibigay kahulugan ng CM sa wikang Filipino ay may kinalaman sa pagsusog sa isipan ng gumagamit ng salita o pahayag.

Ayon pa kina Cameron et. al (2010), ang metapora ay kinikilala bilang mahalagang paraan ng pag-iisip. Ito ay tumutukoy sa pagbuo ng mga analohiya at paggawa ng mga ugnayan sa pagitan ng ideya. Ito rin ay mahalagang paraan ng paggamit ng isang wika para maipaliwanag ang abstraktong ideya o kaya ay paggamit ng malalim na mensahe upang iparating ang nararamdaman. Sa Pangungusap na may pormang A ay (katulad) B. Ang unang bahagi na A ay karaniwang tumutukoy sa paksa (topic) ng pangungusap, ang bahaging B ay ang behikulo (vehicle). Ang

pagkakatulad ng dalawa ay tinatawag na batayan (ground). Sa pangungusap na kakikitaan ng CM na “Si Salvi ay lion.” Ang paksa ay si Salvi (A), ang behikulo ay ang lion (B) at ang batayan (ground) naman ay ang katapangan. Mula sa halimbawa, masasabing ang metapora ay may kabuluhang pagmamalabis. Isinasaad nito na: ang bahaging A na bahagi ng B ay bahagi ng A na nagpapalabis upang maihayag ang pagtutulad.

Ayon kay Fauconnier (2003), ang kaalaman sa metapora bilang isang pagtitiyak ay pinalawak ng mga pananaliksik sa lingguwistika, pilosopiya, at kognitibong agham. Sa mga larangang ito, ang metapora ay hindi lamang isang tayutay. Ito ay isang proseso ng conceptual blending o konseptuwal na pagsasama na nagbubunga sa pagkakabuo ng bagong kahulugan. Sa Panitikan, ang metapora ay isa sa pinakamahalagang terminong pampanitikan at kadalasang sanhi ng pagkakaroon ng hindi literal na pagpapahayag sa mga teksto at patulang akda. Subalit nagpahayag si Goatly (1997), ang metapora ay makikita kahit saan sa wika at hindi maipagkakailang gamitin sa isang wika.

Dagdag pa, ang metapora ay hindi lamang isang patulang ekspresyon na walang kaugnayang kahulugan. Ito ay pangkalahatang mapping sa kabila ng konseptuwal na bahagi. Ang mapping na ito ay karaniwang mayroong dalawang bahagi: ang pinagmulang domeyn (PD) o source domain, ang target na domeyn (TD) o target domain at ang ugnayan sa pagitan ng pinagmulan at ang target. (Lakoff, 1987). Ipinapahiwatig nito na ang isang salita ay tumutugma sa isang salita dahil sa ugnayan ng konseptong napapaloob dito. Nagagamit ito upang mas lalong maipahayag ang isang bagay sa pamamagitan ng pagtutulad rito sa mas kongkreto atnakikitang ideya. Halimbawa ay ang pag-unawa sa konsepto ng pag-ibig, upang mas lalo itong maunawaan ay ihahalintulad ito sa paglalakbay. Ang konsepto ng pag-ibig ay kaparehas ng konsepto ng paglalakbay sa isang aspeto ng buhay. Sa madaling sabi, mahalaga ang ginagampanan ng metapora sa komunikasyon. Kapag ginamit nang maayos, nakabubuo ang mga ito ng matitibay na imahe at malilina na pahayag upang ganap na maunawaan ang isang pahayag o mensahe. Napatunayan ni Perry (2011) sa kanyang pag-aaral na pinamagatang *Metaphor Theory: Language's Window to the mind* ang metaporikal na konseptuwalisasyon ay maaaring tukuyin sa iba pang metaporikal na konseptuwalisasyon, walang anumang kailangan sa pagbuo ng mga sinaunang metapora. Ayon pa rito, ang mga metapora ay may kaugnayan sa mga pisikal na karanasan ng tao. Ito ay indikasyon na ang metapora ay pangkalahatan subalit ang mga masalimuot na metapora ay malayang nagkakaiba. Ang empirical na pag-aaral ay nagkokompirma o hindi nagkokompirma sa sikolohiyang aspeto sa realidad ng metapora ng kaalaman.

Isinasaad ng pag-aaral na ito ang relasyon ng pag-iisip sa pagbuo ng metapora sa isang wika. Ang mga metaporang ito ay may kaugnayan sa mga pisikal na karanasan ng isang tao at gamit lamang ang wika naipapahayag ng lubusan ang mga kaisipang ito. Ayon naman sa pag-aaral ni Prandi (2010) na may pamagat na *Typology of Metaphors: Implications for Translations*, lumabas sa pag-aaral ang pagsasalin ng metapora ay hindi isang tiyak na suliranin lamang bagkus isang partikular na kaso ng isang pangmalawakang suliranin. ang pagsasalin sa mga metapora ay

isang partikular na kaso ng isang mas malawak na suliranin ng anisomorphism na may kaugnayan sa istruktura ng semantika. Batay sa pag-aaral na nabanggit, Ang pagsasalin o pagtutumbas sa mga metapora ay isang natatanging suliranin lalo na sa istruktura ng semantika. Ipinapakitang ang pagsasalin o pagtutumbas ng mga ito ay nararapat na maingat upang maisagawa ito.

Sa obserbasyon naman nina Erjavec & Volčič (2010), sa kanilang pag-aaral na pinamagatang *Target*, *'cancer'* and *'warrior'*: *Exploring painful metaphors of self-presentation used by girls born of war rape*, sa kanilang mga kalahok na nakaranas ng pang-aabuso, ang mga metapora ay ginagamit ng mga kalahok upang ipahayag ang sarili sa mga paksang mabigat sa damdamin at hindi madaling ipahayag nang literal, o iyong mga paksang nasa estado ng kung tawagin ay *"denotative hesitancy*. Kaya naman, para kina Erjavec & Volčič ang paggamit ng metapora ay ang tanging paraan upang maipahayag ng mga kalahok na naabuso ang kanilang sitwasyon. Dito, nadiriin ang halaga ng metapora hindi lamang upang gagapin ang pagrarason at pag-iisip ng mga kalahok kundi gayundin upang ihayag ang sarili sa gitna ng mabigat na karanasan. Ang mga pag-aaral na ito ay may malaking kaugnayan sa papel na ito sapagkat sa aspetong metapora sila nagkakakapareho. Mapapansing karamihan sa mga pag-aaral ay isinagawa sa labas ng Pilipinas at kakaunti ang nagsagawa ng pag-aaral sa Pilipinas tungkol sa metapora.

II. Methodolohiya

Ginamit sa pag-aaral na ito ay deskriptibong pamamaraan sa pag-aanalisa ng wika partikular na sa konseptwal na metapora sa wikang Cebuano ng Jimeneznon. Ang mga datos na nakalap ay inaayos ayon sa pangalan ng tao, mga hayop, mga pahayag, tambalang-salita at gulay at prutas na kakikitaan ng konseptwal na metapora at pagkatapos ay sinuri sa pamamagitan ng pagbibigay ng literal na kahulugan at kung paano ito ginamit ng mga Jimeneznon bilang metapora.

III. Natuklasan

T Makikita sa mga talahanayan sa ibaba ang mga datos na nakalap ng mananaliksik na kakikitaan ng konseptwal na metapora na ginagamit ng mga naninirahan sa Jimenez, Misamis Occidental ayon sa informant ng pag-aaral na ito. Ang mga datos ay sinuri ayon sa sumusunod: pangalan ng tao, mga hayop, mga pahayag, gulay, at tambalang salita na may konseptwal na metapora.

Talahanayan 1. Mga Pangalan ng Tao na may Konseptwal na Metapora

Pangalan ng Tao	Literal na kahulugan	Konseptwal na Metapora
1. Salvador del Mundo	tagapagligtas ng mundo	isang tao na magpapakasal sa isang buntis at aakuin at tatratuhin ang sanggol bilang totoong anak.
2. Hudas	isa sa disipolo na nagkanulo kay Hesus kapalit ng tatlung pirasong	mga nagbait-baitan kapag ikaw ay kaharap ngunit sekretong naninira at nagtataksil.

	salaping pilak mula sa mga makapangyarihang laban sa pangangaral ni Hesukristo.	
3. Marisol	pangalan ng isang babae	mahilig manulsol; sulsolera
4. Marites	pangalan ng isang babae	mahilig makipagtsismisan at mag-usisa sa mga latest na mga kaganapan.
5. Pilato	Kilala bilang hukom sa paglilitis ni Hesus at ang nagbigay ng autorisasyon upang ipako si Hesus sa krus. Naghugas ng mga kamay upang ipakita na hindi siya responsable sa eksekusyon ni Hesus.	mahilig magmalinis kapag naiipit na sa isang hindi magandang sitwasyon.

Makikita sa talahanayan sa itaas ang mga pangalan ng tao na ginamit ng mga Jimeneznon na naglalaman ng konseptwal na metapora. Ang unang kolum ay naglalaman ng mga pangalan ng tao ang ikalawang kolum naman ay ang literal nitong kahulugan na kinuha mula sa mga aklat at internet, at ang pangatlo ay ang konseptong napaloloob sa mga metaporang ito.

Ang unang pangalan ng tao na ginamit ay ang ‘Salbador del mundo’. Isang salitang Latin na nangangahulugang ‘tagapagligtas ng mundo’. Ang tinutukoy dito ay ang Panginoong Hesukristo na nagligtas sa sangkatauhan mula sa pagkakasala. Ngunit sa wikang Cebuano sa Jimenez, mayroon konseptwal na metapora na nakapaloob sa salitang ito. Ang ‘Salbador del Mundo’ na ginamit bilang metapora ay nangangahulugang ‘pagpapakasal sa isang buntis, aakuin ang obligasyong iniwan ng nakabuntis at ituturing na tunay na anak ang sanggol.’

Ang ikalawang pangalan ng tao ay ang pangalang ‘Hudas’ na kakikitaan din ng konseptwal na metapora. Sa literal na pagpapakahulugan, si Hudas Iskariote ay isa sa labindalawang disipolo na nagkanulo kay Hesus kapalit ng tatlung pirasong salaping [pilak](#) mula sa mga makapangyarihang laban sa pangangaral ni Hesukristo. Nakilala si Hesus ng mga sundalong dumakip sa kaniya sa pamamagitan ng halik ni Hudas. Ang paghalik na ito ang naging tanda ng pagkakanulo kay Hesus ni Hudas Iskariote. Sa Jimeneznon ay ginamit itong metapora at binigyang-kahulugan ang salitang ‘Hudas’ na isang taong nagbait-baitan kapag ikaw ay kaharap ngunit sekretong naninira at nagtataksil. Isang tao na hindi mo pwedeng pagkatiwalaan dahil sa anumang oras ay maaari kang ipahamak.

Ang ikatlong pangalan ng tao naman na kakikitaan ng konseptwal na metapora ay ang ‘Marisol’ na isang pangalan ng babae sa literal nito na pagpapakahulugan ngunit ginamit bilang metapora. Galing ito sa pinagsamang pangalan na Marie at salita na sulsol na pinagsama kaya naging Marisol na nangangahulugang mahilig manulsol o sulsolera. Isang ugali na hindi maganda at hindi dapat na pamarisan.

Ang ikaapat na pangalan ng tao na kakikitaan ng konseptwal na metapora ay ang ‘Marites’ na isang pangalan ng tao ngunit ginamit na metapora sa kasalukuyan na nangagahulugang

parehong babae, lalaki, bata, matanda at iba pa na mahilig makipagtsismisan at mag-usisa sa mga *latest* o mga huling mga kaganapan.

Ang ikalima naman na pangalan ng tao na kakikitaan ng konseptwal na metapora ay ang ‘Pilato’ na sa literal na pagpapakahulugan ay kilala bilang hukom sa paglilitis ni [Hesus](#) at ang taong nagbigay ng autorisasyon upang ipako si Hesus sa krus. Naghugas ng mga kamay upang ipakita na hindi siya responsable sa eksekusyon ni Hesus. Ang konseptong ito ang ginamit ng mga Jimeneznon bilang metapora para sa mga tao na mahilig magmalinis at maghugas ng kamay kapag naiipit na sa isang hindi magandang sitwasyon.

Talahanayan 2. Mga Hayop na may Konseptwal na Metapora

Mga Hayop	Literal na kahulugan	Konseptwal na Metapora
1. baki	palaka; isang uri ng hayop na gumagawa ng tunog na kokak; nabubuhay sa tubig, walang buntot at tumatalon.	bakla
2. buaya	malalaking reptiliang naninirahan sa mga matubig na lugar at sa mga ilog na mabagal ang agos. Maaari silang kumain ng iba't ibang uri ng buhay at patay na mga mammal at isda.	ganid; gahaman, tiwali
3. bao	isang reptilya na ang pinaka kilalang katangian ay ang pagkakaroon ng isang shell na nagsisilbing proteksyon	mababagal kumilos o gumalaw
4. iring ug iro	iring-‘pusa’ - ay isang hayop na inaalagan ng tao. iro-‘aso’ - inaalagaan at karniborong mamalya na karaniwang may mahabang nguso, matalas na pang-amoy, at nakatatahol at umaalulong; inaalagaan din para sa pagtatrabaho o sa ilang uri ng isports	palaging nag-aaway
5. kanding	‘Kambing’ - hayop (genus Capra) na kauri ng tupa ngunit may sungay at hindi makapal ang balahibo	takot o tamad maligo

Makikita sa Talahanayan 2 sa itaas ang mga may konseptwal na metapora gamit ang mga hayop. Ang unang kolum ay naglalaman ng mga hayop, ang ikalawang kolum naman ay ang literal nitong kahulugan na kinuha mula sa mga aklat at internet, at ang pangatlo naman ay ang konseptong napaloloob sa mga metaporang ito.

Ang unang metapora na ginamit ay ang ‘baki’. Ito ay palaka sa Filipino, isang uri ng hayop na gumagawa ng tunog na kokak; nabubuhay sa tubig, walang buntot at tumatalon sa literal nitong pagpapakahulugan. Sa mga Jimeneznon, mayroong konseptwal na metapora ang salitang ‘baki’. Ang ‘baki’ na ginamit bilang metapora ay nangangahulugang mga bakla o mga lalaki na binabae kung kumilos.

Ang ikalawang metapora na ginamit ay ang salitang ‘buaya’ o buwaya sa Filipino na sa literal na pagpapakahulugan ay isang malaking reptiliang naninirahan sa mga matubig na lugar at sa mga ilog na mabagal ang agos. Maaari silang kumain ng iba't ibang uri ng buhay at patay na mga *mammal* at isda. Kinatatakutan dahil sa kakayahan nitong mangain ng tao, o kahit na anumang bagay na mahulog sa lugar na kinaroroonan nito. Kapag magkakasama ang mga ito, naroon ang agawan, unahan o kompetisyon sa pagkain ng anumang mahulog sa kanilang kinaroroonan. Ang

pag-uugaling ito ng buwaya ay inihalintulad sa taong ganid, gahaman at tiwali. Mga tao na halos halos mangain na ng kapwa nila tao para sa sarili nilang kapakanan.

Ang ikatlong metapora na ginamit naman ay ang ‘bao’. Ito ay kilala sa tawag na pagong, isang reptilya na ang pinakakilalang katangian ay ang pagkakaroon ng isang shell na nagsisilbing proteksyon. Sa mga pabula, tulad ng ‘Si Pagong at si Matsing’, “Ang Unggoy at ang Pagong”, ‘Ang Kuneho at ang Pagong’, at marami pang iba, kilala si pagong sa pagiging mabait at matulungin. Mabagal kumilos mgunit mapursigi at hindi sumusuko kaya palaging nagwawagi. Ngunit kung ating ilalarawan ang isang pagong, ito ay mabagal o makupad sa paglakad o pagkilos. ang konseptong ito mismo ang nakapaloob sa metapora na ‘bao’ na ginamit ng mga Jimeneznon para sa mga taong kulang sa kakayahan na kumilos nang mabilis para tapusin ang iniaatas sa kanya na trabaho. Ito ay itinuturing na negatibong katangian na hindi nagdudulot ng kabutihan sa isang tao.

Ang ikaapat na metapora na ginamit naman ay ang ‘iring ug iro’ na sa literal na pagpapakahulugan ay aso’t pusa na parehong alagang bahay ngunit sa mga Jimeneznon ay may konseptwal na metapora na nangangahulugang palaging nag-aaway kaya hindi pwedeng paglapitin.

Ang ikalima na metapora ay ang ‘kanding’, sa literal naman na pagpapakahulugan ay isang hayop na kauri ng tupa ngunit may sungay at hindi makapal ang balahibo. Ayon sa mga eksperto sa kahayupan, isa ito sa pinakamadaling alagaan. Sa mga Jimeneznon, ginamit ang salitang ‘kanding’o ‘kandingon’ na metapora para sa mga tao na takot o tamad maligo.

Isinasaad ng pag-aaral na ito ang relasyon ng pag-iisip sa pagbuo ng metapora sa isang wika. Ang mga konsepto ng pagpapakahulugan sa paggamit ng konseptwal na metapora na ito ay may kaugnayan sa mga pisikal na karanasan ng isang tao at gamit lamang ang wika na ipapahayag ng lubusan ang mga kaisipang ito. Ang mga metaporang gumagamit ng hayop ay mawawaring nabuo ito dahil sa karanasan sa pakikihalubilo sa mga hayop. Dahil dito, ang mga nakitang katangian mula sa hayop ay inihalintulad sa isang tao upang malinaw itong mailarawan dahil sa konseptong batid ng mga tao ang katangian ng mga hayop na ito kung kayat mas naliliwanagan sila sa ibig ipahiwatig sa metapora na nabanggit.

Talahanayan 3. Mga Pahayag na may Konseptwal na Metapora

Pahayag	Literal na Kahulugan	Konseptwal na Metapora
1. gaan ug kamot	magaan ang kamay	madaling manakit
2. kwarta sa hangin	pera galing sa hangin	pera na hindi pinaghirapan; <i>easy money</i>
3. balhibuon ug kamot	kamay na may maraming balahibo	malikot ang kamay; magnanakaw; nangunguha ng bagay na hindi sa kanya
4. humok ug ilong	malambot ang ilong	babaeng madaling mapasagot o maloko
5. mat-an pas pinya	maraming mata kaysa sa pinya	hindi nalalamangan; hindi madaling maluko; tuso

Makikita naman sa Talahanayan 3 sa itaas ang mga konseptwal na metapora gamit ang mga pahayag. Ang unang kolum ay naglalaman ng mga pahayag, ang ikalawang kolum naman ay ang literal nitong kahulugan na kinuha mula sa mga aklat at internet, at ang pangatlo naman ay ang konseptong napaloloob sa mga metaporang ito.

Ang unang pahayag na kakikitaan ng konseptwal na metapora ay ang ‘gaan ug kamot’ na sa literal na kahulugan, magaan ang kamay. Ngunit ang konseptong nakapaloob sa metaporang ito ayon sa paraan ng paggamit ng mga Jimeneznon ay kakaiba sa literal nitong kahulugan. Nangangahulugan ito na madaling manakit gamit ang mga kamay.

Ang ikalawang metapora na ginamit ay ang ‘kwarta sa hangin’. Ito ay literal na nangangahulugang pera sa hangin ngunit sa mga Jimeneznon ay may konseptwal na metapora na perang hindi pinaghirapan o *easy money*. Ang pagkapanalo halimbawa sa swertres at iba pang sugal ay itinuturing ng mga Cebuano na ‘kwarta sa hangin’ na madaling maubos o mawala dahil hindi naman pinaghirapan o pinagtatrabahuan.

Ang ikatlo naman na pahayag na ginamit bilang metapora ay ang ‘balahibon ug kamot’ na sa literal na pagpapakahulugan ay kamay na may maraming balahibo. Ngunit ito ay may konseptwal na metapora na tumutukoy sa taong malikot ang kamay; magnanakaw; nangunguha ng bagay na hindi sa kanya. Tumutukoy ito sa hindi magandang ugali ng tinataglay ng isang tao.

Ang ikaapat na pahayag na kakikitaan ng konseptwal na metapora ay ang ‘humok ug ilong’ na may literal na kahulugan na malambot ang ilong. Ngunit ang konseptong nakapaloob sa metaporang ito ay kakaiba sa literal nitong kahulugan. Ito ay nangangahulugang babaeng madaling mapasagot ng manliligaw nang walang pakipot.

Ang ikalima naman ay ‘mat-an pas pinya’ na may literal na kahulugan na maraming mata kaysa sa pinya. Ang metaporang ito ay ginamit ng Jimeneznon bilang paghahambing sa tao na hindi nalalamangan; hindi madaling maluko; at tuso.

Talahanayan 4. Mga Tambalang Salita na may Konseptwal na Metapora

Tambalang Salita	Literal na kahulugan	Konseptwal na Metapora
1. kuyog-baboy	kuyog – sama; baboy - baboy	palasama kahit walang imbitasyon
2. utok-bolinaw	utok – utak; bolinaw- isda	bobo
3. dawat-limpyo/dalim	dawat- tanggap; limpyo-linis	tao na hindi naghirap sa isang gawain ngunit kasamang nakakabenipisyo.
4. doblekara	galing sa late Latin na nangangahulugang mukha o ulo	mapagkunwari; dalawa ang mukha
5. kakha-tuka	kakha – kahig; tuka - tuka	mahirap dahil tamad

Makikita naman sa Talahanayan 4 sa itaas ang mga konseptwal na metapora gamit ang mga tambalang salita. Ang unang kolum ay naglalaman ng mga salitang pinagtambal, ang

ikalawang kolum naman ay ang literal nitong kahulugan na kinuha mula sa mga aklat at internet, at ang pangatlo naman ay ang konseptong napaloloob sa mga metaporang ito.

Ang unang tambalang salita na kakikitaan ng konseptwal na metapora ay ang ‘kuyog-baboy na may literal na kahulugan na ‘kuyog – sama; baboy – baboy’ ngunit ang konseptong nakapaloob sa metaporang ito ayon sa paraan ng paggamit ng Jimeneznon ay kakaiba sa literal nitong kahulugan. Nangangahulugan ito na palasama kahit walang imbitasyon.

Ang ikalawang tambalang salita na ginamit bilang metapora ay ang ‘utok-bolinaw’ na sa literal na pagpapakahulugan ay ‘utok – utak; bolinaw- isda’. Sa mga Jimeneznon, ginamit itong pangahalintulad sa taong bobo at mahirap umintindi kahit simpleng instruksyon.

Ang ikatlo naman na tambalang salita ay ‘dawat-limpyo/dalim’ na may literal na kahulugan na ‘dawat- tanggap; limpyo-linis’ ngunit ginamit bilang metafor na nangangahulugang ‘tao na hindi naghirap sa isang gawain ngunit kasamang nakakabenipisyo’. Ito ay hindi mabuting ugali ng isang tao.

Ang ikaapat na tambalang salita na kakikitaan ng konseptwal na metapora ay ang ‘doblekara’ na galing sa *late Latin* na nangangahulugang mukha o ulo sa literal na pagpapakahulugan ngunit ginamit bilang metafor na nangangahulugang ‘mapagkunwari; dalawa ang mukha’.

Ang ikalima naman ay ang tambalang salita na ‘kakha-tuka’ na may literal na kahulugan na ‘kakha – kahig; tuka – tuka’. Ito ay ginamit pangahalintulad sa mga taong mahirap dahil tamad. Walang paghahanda na ginagawa para sa kinabukasan. Tulad ng manok na saka lamang naghahanap ng makakain kapag nagugutom na, “isang kahig, isang tuka”.

Talahanayan 5. Prutas at Gulay na may Konseptwal na Metapora

Prutas at Gulay	Literal na kahulugan	Konseptwal na Metapora
1. kanaka	kapamilya ng kamote; makati tulad ng gabi	malandi
2. talong	isang uri ng gulay na pangkaraniwang kulay lila ang mga bunga, bagaman mayroon ding lunti at puti na uri. Maaari itong mahaba, bilugan, malaki, maliit o maikli.	ari ng lalaki
3. kapayas	papaya; pawpaw o paw-paw (salitang mula sa katutubong wikang Mehikano; sa Kastila: lechosa o lechoza) ay isang uri ng prutas o puno	iyakin; madaling tumulo ang luha
4. kalabasa	isang malaking bunga ng gumagapang na halamang baging na may kulay na pinaghalong <i>orange</i> at dilaw.	hindi maganda ang kinalabasan o resulta
5.kamote	<i>sweet yam o sweet potato</i> sa Ingles o isang pangkaraniwang halamang-ugat sa Pilipinas.	nahihirapan sa klase at bagsak sa pagsusulit

Ang Talahanayan 5 naman sa itaas makikita ang iba pang mga salita na may konseptwal na metapora. Ang unang kolum ay naglalaman ng mga salitang ginamit bilang metapora, ang ikalawang kolum naman ay ang literal nitong kahulugan na kinuha mula sa mga aklat at internet, at ang pangatlo naman ay ang konseptong napaloloob sa mga metaporang ito.

Ang unang salita na ginamit na metapora ay ang ‘kanaka’ na sa literal na pagpapakahulugan ay ‘kapamilya ng kamote’. Ito ay kalimitang ipinaghahalo sa nilagang baboy upang lumapot ang sabaw. Tulad ng gabi, ito ay makati kung hindi maayos ang pagkakahanda lalo na ang mga dahon nito. Kaya naman ginamit ang konseptong makati sa paghahalintulad sa babae, pwede ring lalaki na malandi.

Ang ikalawang salita na kakikitaan ng konseptwal na metapora ay ang ‘talong’, isang uri ng gulay na pangkaraniwang kulay lila ang mga bunga, bagaman mayroon ding lunti at puti na uri. May mahaba, bilugan, malaki, maliit o maikli ngunit ginamit na pantawag sa ‘ari ng lalaki’.

Ang ikatlong salita naman na ginamit ay ang ‘kapayas’ o papaya; pawpaw o paw-paw (salitang mula sa katutubong wikang Mehikano; sa Kastila: lechosa o lechoza) na isang uri ng prutas sa literal nitong kahulugan. Ang papaya kapag nasugatan ay may katas na tumutulo. Ang konseptong ito ay ginamit ng Jimeneznon sa panghahalintulad sa taong iyakin o madaling tumulo ang luha. May paniniwala ang Jimeneznon na hindi maganda ang magtanim ng punong papaya sa harap mismo ng inyong bahay dahil dala nito ay pighati at puro luha sa buong pamilya.

Ang ikaapat na salita na kakikitaan ng konseptwal na metapora ay ang ‘kalabasa’, isang malaking bunga ng gumagapang na halamang baging na may kulay na pinaghalong orange at dilaw. Ngunit sa mga Jimeneznon ito ay ginamit para sa hindi magandang kinalabasan o resulta ng isang programa o palatuntunan. Kalimitang sinasabi na ‘kalabasa ang show’ kapag ang isang ginanap na palatuntuna ay palpak at hindi nagustuhan ng mga manonood.

Ang ikalima na salita na may konseptwal na metapora ay ang ‘kamote’, *sweet yam o sweet potato* sa Ingles o isang pangkaraniwang halamang-ugat sa Pilipinas. Ginamit sa paghahalintulad sa isang mag-aaral na ‘kamote ang resulta sa exam o nangamote sa exam’ o nangangahulugang nahihirapan sa klase at bagsak sa pagsusulit.

IV. Konklusyon

Batay sa nakalap na mga datos, napatunayan na ang paggamit ng mga metapora sa isang wika ay mahalaga sa paglalarawan ng isang bagay o tao. Ito rin ay nag-iiwan ng isang konsepto na kaiba sa literal nitong kahulugan.

Sa mga Jimeneznon, sa pamamagitan ng paggamit ng pangalan ng tao, mga hayop, mga pahayag, tambalang salita, gulay at prutas ay nakababuo ang tao ng mga konsepto batay sa pagpapakahulugan niya sa kanyang nakikita o naoobserbahan at mga nararanasan. Malaking salik rin ang impluwensiya ng kapaligiran na kinabibilangan ng isang tao sa paggamit at pagpapakahulugan ng mga nasabing metapora.

Malaki ang maitutulong sa pag-analisa ng mga kontekstwal na metapora ng mga Cebuano sapagkat mas nabibigyang-linaw ang paggamit at pagpapakahulugan nito. Maiiwasan ang

pagbibigay ng maling pagpapakahulugan sa mga nasabing metapora dahil mayroon na tayong magiging basehan. Ang lahat ng analisis na inilahad sa papel na ito ay ibinatay lamang sa limitadong datos na nakalap. Iilan lamang ang mga ito sa mga metaporang maririnig at ginagamit sa araw-araw na pakikipagkomunikasyon ng mga Jimeneznon.

MGA REPERENSIYA

- [1] Garcia, L.G. 2000. Makabagong Gramar ng Filipino (Binagong Edisyon). Rex Printing Company, Inc. Quezon City.
- [2] Fauconnier G. & Turner M. 2003. The Way We Think: Conceptual Blending and the Mind's Hidden Complexities. New York: Basic Books.
- [3] Gibbs & Steun, G.J. (eds). 1997. Metaphor in Cognitive Linguistics, Selected Papers From the Fifth International Cognitive Linguistics Conference. Amsterdam: J. Benjamin's Co. Goatly, A. (1997). The Language of Metaphors. London: Outledge. Malicsi, J. 2013. Gramar ng Filipino: Sentro ng Wikang Filipino. Unibersidad ng Pilipinas
- [4] Sandoval, M.A. et al. 2011. Batayan at Sanayang-Aklat sa Gramatika at Estrukturang Wikang Filipino. Departamento ng Filipino at Ibang mga Wika, Kolehiyo ng mga Sining at Agham Panlipunan: MSU-Iligan Institute of Technology, Iligan City.
- [5] Paz, C.J. 2003. Ang Pag-aaral ng Wika. The University of the Philippines Press. Quezon City.
- [6] Erjavec, K. & Volčič, Z. 2010. 'Target', 'Cancer' and 'Warrior': Exploring Painful Metaphors of Self-Presentation Used by Girls Born of War Rape. https://www.researchgate.net/publication/50434210_'Target'_ 'cancer'_ and '_warrior'_ Exploring_painful_metaphors_of_self-presentation_used_by_girls_born_of_war_rape
- [7] Lakoff, G. & Johnson, M. 1980. Conceptual Metaphor in Everyday Life. California: The Journal Philosophy, Inc. <https://cse.buffalo.edu/~rapaport/575/F01/lakoff.johnson80.pdf>
- [8] Perry, S. 2011. Metaphor Theory: Language's Window to the Mind. San Diego State University. https://www.academia.edu/10687584/A_window_on_the_mind_Metaphor_and_Language_Teaching
- Prandi, M. 2010. Typology of Metaphors: Implications for Translation. University of Genoa.
- [9] <https://www.google.com/search?xsrf=ALeKk02f6KxfWMX0h9KSho3TlqFU8>
- [10] <https://akosibebelz.weebly.com/semantiks-at-pragmatiks.html>
- [11] <https://ik-ptz.ru/tl/russkijj-yazyk/proishozhdenie-slova-metaphora-metaphora-novoe-znachenie-staryh.html>
- [12] https://en.wikipedia.org/wiki/Conceptual_metaphor
- [13] https://www.google.com/search?q=cebuano+metaphor+wikipedia&rlz=1C1BNSD_enPH972PH972&oq=ce&aqs=chrome.0.69i59j69i57j69i60l3.7294j0j4&sourceid=chrome&ie=UTF-8
- [14] https://en.wikipedia.org/wiki/Cebuano_language
- [15] https://en.wikipedia.org/wiki/Misamis_Occidental